Pamagat: Ang Pinagmulan ng Kasamaan

Texto: Genesis 3:4 "And the serpent said unto the woman, Ye shall not surely die:"
Pagsasalin: Subalit sinabi ng ahas sa babae, Tiyak na hindi kayo mamamatay.

Panimula:

1. Sumasangayon ang science na ang mga tao ay nangaling sa isang iisang pinagmulan. Bagamat ang modernong science ay tutol sa maraming mga Biblical na pananaw patungkol sa kalikasan, ang iisang pinagmulan ng mga tao ay kinikilala ng mga scientists. (see, Matthew 19:4ff).
2. Ang aklat ng Genesis ay ang iisang literatura (panulatan) sa buong mundo na nagbibigay sa atin ng patungkol sa pagsimula ng sangkatauhan at pinagmulan ng kasalanan at kasamaan.
3. Ang sagot ay nasa mga pahina ng aklat ng Genesis: saan nanggaling ang kasamaan? Paano namalayan ng tao ang tama at mali, at bakit subalit alam ng tao kung ano ang tama, hindi niya ito ganap na nagagawa sa kanyang buhay?

I. Ang Simula ng Lahat ng Kasamaan at Kasalanan ay Naksalalay sa Diablo: (Gen. 3:1)

A. (v.1) Ang ahas nga ay higit na tuso kaysa alinman sa mga mailap na hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Diyos. Sinabi niya sa babae, Sinabi ba ng Diyos, Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?
B. Ang Diablo ay ang kalaban ng mga kaluluwa ng tao. Siya ay isang bumagsak na anghel. Ang mga anghel ay nilikha ng Dios na mga espiritu na tumutulong sa pagsamba sa Dios at naglilingkod sa Kanya – subalit may isang anghel na kung saan nagsimula sa kanya ang kasamaan. Ito ay nagsimula dahil sa pagiging-mapagmataas nitong anghel na ito. (Isaiah 14:12-15).
C. Galit na galit ang Diablo sa Dios. Maaring nagselos siya noong nilikha ng Dios ang tao, pero siya ay nagmataas, at nag-rebelde siya laban sa Dios. At siya ay bumagsak, at ngayon siya ay ang Tempter (tagapagtukso). Siya ay nagdudulot ng pagdududa sa isip ng tao patungkol sa salita ng Dios.

II. Ang Lawak ng Kasaamaan at Kasalanan ng Tao:

A. Ang tao ay binigyan ng Dios ng isang pagsubok sa tinatawag na "Dispenstation of Innocence" (or Created Man) – Kapanahunan ng Kawalan-Kasalanan. At ang sinabi ng Dios ay huwag kainin ang prutas ng puno ng kaalaman sa mabuti at masama. Ang kinakailangan sa Dispensation na ito ay: obedience – pagsunod. At ipinahihiwatig sa pagsunod ay ang pagtiwala at pananalig sa Dios – sa Kanyang kabutihan, katotohanan, kapangyarihan.
B. Ang pagsubok ay ipinaliwanag ng Dios sa Genesis 2:17 – at ang kamatayan na dulot nito ay may dalawang bahagi o antas (espirituwal na kamatayan at physical na kamatayan).
C. Ang diskarte ng ahas kay Eva, ay parehas rin niyang diskarte sa mga tao: Huwag magtiwala sa Dios. Ito ay ang kanyang pamamaraan, pakana, at pagdaraya. Gawin mo ang gusto mong gawin! (v.5) - Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo'y kumain noon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama." – Maari na ang mga tao ay maging Malaya!
D. (v.6) – ang tugon ni Eva: Kaya't nang makita ng babae na ang bunga ng punungkahoy ay mabuting kainin, nakakalugod sa paningin, na dapat nasain upang maging matalino, siya ay pumitas ng bunga nito at kinain ito; at binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at siya'y kumain. – Natukso sila – at pinaniwalaan nila ang Diablo kaysa sa Dios. At mula dito lahat ng kasamaan at mga resluta ng kasalanan ay pumasok sa mundo ng tao: kawalan ng pananampalataya; panlalait sa Dios; walang pasasalamat; kasakiman; pride; makasarili.

III. Ang Lunas ng Panginoong Dios:

A. (v.9) – Nasaan ka, ang tanong ng Dios. Alam ng Dios pero nais Niya na mag-isip ng mabuti si Adan at si Eba.
B. (v.15) - Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong. Ito ay ang pangako ng Dios; gumawa siya ng paraan para sa kasalanan ng tao. Ito ay ang ebanghelyo! Sumampalataya ka kay Jesus, at mabubura ang iyong mga kasalanan!